
CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION
TODAY'S CARE. TOMORROW'S CURE.®

# SEPSIS

Ang mga taong nabubuhay ng may spinal cord injuries ay mas nanganganib sa pagde-develop ng sepsis kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang pag-uunawa sa mga sanhi at babala ay kritikal dahil ang nakakamatay na kondisyon na ito ay pinakamainam na nalulunasan sa maaga at agresibong paggagamot.




## TANONG: Ano ang sepsis?

Ang sepsis ay isang mapanganib na medikal na kondisyon na nagde-develop habang ang katawan ay agad na nagpapakita ng reaksyon sa kumakalat na inflammation o impeksyon. Ang karamihan sa mga kaso ay resulta ng bacterial infection na kumakalat sa daloy ng dugo, pero minsan ay mga komplikasyon ng mga viral infection, kasama na ang Covid-19 at influenza. Kung hindi magamot agad, ang septic shock ay maaaring ma-develop, na nagdudulot ng biglang pagbaba ng blood pressure at maiwasang umabot ang dugo sa mga mahahalagang organ ng katawan. Ang sepsis ay madalas na nagsisimula sa mga ospital, kung saan ang mapapanganib na strain ng bacteria ay maaaring makapasok sa katawan sa pamamagitanng isang IV catheter. Sa mas nakatatanda, ang mga taong nakompromiso ang mga immune system, at iyong mga may

chronic na medikal na kondisyon ay pinakananganganib. Habang lumalala ang sepsis, ang mga indibiduwal ay maaaring makaranas ng mga sumusunod na hakbang: sepsis, severe sepsis at sepsis shock.

## TANONG: Anong mga uri ng secondary condition of paralysis ang maaaring humantong sa sepsis?

Kahit na ang sepsis ay maaaring sanhi ng isang bagay na kasing simple lang ng isang hiwa, ang mga secondary condition tulad ng pneumonia, pressure sores at urinary tract infections ay maaari rin humantong sa sepsis. Para maiwasang ma-develop ang mga kondisyong ito, panatilihin ang isang mabuti sa kalusugan na pamumuhay at magsanay sa maingat na pag-aalaga sa sarili. Pag-ingatan ang balat at gamutin ang mga pressure sore kaagad. Madalas na alisin ang laman ng pantog o bladder at manatiling well hydrated. Manatiling nasasapanahon sa lahat ng mga bakuna, at regular na linisin at palagyan ng hangin ang mga baga.

## TANONG: Ano ang mga hudyat at sintomas ng sepsis?

Ang mga sintomas ng sepsis ay kinabibilangan ng lagnat, panginginig, pangangaligkig, mas mabilis na tibok ng puso at mas mabilis na paghinga. Habang nade-develop ang septic shock, maaaring makaranas ang mga indibiduwal ng higit na confusion o disorientation, pagkahilo sanhi ng low blood pressure at dumaming lumalabas na ihi.

## TANONG: Kailan isang emergency ang sepsis?

Ang sepsis ay parating isang medikal na emergency. Ang sepsis ay nagbabawas ng daloy ng dugo sa buong katawan ay mabilis na makakapagdulot ng permanenteng pinsala sa organ o kamatayan. Ayon sa Centers for Disease Control and Prevention, ang sepsis ay nakaka-apekto sa di mas mababa sa 1.7 milyong mga adulto kada taon at sanhi ng 270,000 mga kamatayan.

## TANONG: Paano na-diagnose ang sepsis at paano ito nagagamot?

Ang maaga at agresibong paggagamot gamit ang mga antibiotics, oxygen support at IV fluids na direktang kinakabit sa ugat ay kritikal. Maghanap agad ng tulong kung naniniwala ka na ikaw o sinuman sa iyong pamilya ay nakakaramdam ng mga sintomas. Ida-diagnose ng mga doktor ang sepsis sa pamamagitan ng pagkuha ng dugo mula sa dalawang hiwalay na site para matingnan kung may impeksyon, mga isyu sa pamumuo ng dugo o clotting, abnormal na paggana ng atay o bato, mga di balanseng electrolyte at hindi gumaganang kakayahan para sa oxygen. Maaari rin tasahin ang mga sample ng ihi at paghinga at mga secretion na galing sa sugat.

## TANONG: Ano ang dapat kong gawin para maturuan ang aking sarili tungkol sa sepsis?

Makipag-usap sa iyong doktor o health care provider tungkol sa mga panganib na tiyak sa iyong

pinsala at secondary condition. Kung nagpapatingin ka sa doktor para sa secondary condition tulad ng pneumonia o urinary tract infection at hindi maganda ang pakiramdam mo, tanungin sa iyong doktor kung gaano katagal bago umayos ang pakiramdam mo. Kung hindi pa maayos ang pakiramdam mo, bumalik sa iyong doktor. Maging alerto sa mga sintomas; sa maagang paggagamot, posible na gumaling sa sepsis. At sa kaganapan ng isang emergency, i-download o tumawag sa Reeve Foundation para makatanggap ng Sepsis Wallet Card na may nakalagay na baseline body temperature at blood pressure, lokasyon ng pinsala at mga emergency contact. Dapat mong dalhin ang sepsis wallet card (na nakasulat ang iyong baseline blood pressure at temperatura) sa emergency room.

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: Merck Manual, Mayo Clinic, Centers for Disease Control and Prevention

**Gusto mong may makausap?**
Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 9 am-8 pm EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa https://www.christopherreeve.org/tl/get-support/ask-us-anything/form

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayon na gamitin bilang medikal na diagosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na $8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.